| | | ***Technology Integration*** |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | MAALE, RACHEL MARIE S. | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang (8)<br>Ikalawang Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | **8.1** Natutukoy ang kahalagahan ng pagiging mapanagutang lider at tagasunod.<br><br>**8.3** Nahihinuha na ang pagganap ng tao sa kanyang gampanin bilang lider at tagasuno ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng sarili tungo sa mapanagutang pakikipag-ugnayansa kapwa at makabuluhang buhay sa lipunan. | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nakapagpapatunay na ang pagiging isang mapanagutang lider at tagasunod ay daan tungo sa kaunlaran ng sarili, kapwa at lipunan.<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Nakapagpapahayag ng sariling pananaw ukol sa kahalagahan ng pagiging mapanagutang lider at tagasunod.<br>SAYKOMOTOR:<br>• Nakapagtatala ng mga tiyak at angkop na gawain upang maging mapanagutang lider at tagasunod. | |
| **PAKSA** | **Ang Mapanagutang Pamumuno at Pagiging Tagasunod** | |
| **PAGPAPAHALAGA** | **Mapanagutang Pamumuno at Pagsunod** | |
| **MGA SANGGUNIAN** | 1. (2015). *Edukasyon sa Pagpapakatao 8: Modyul para sa mga Mag-aaral.* Kagawaran ng Edukasyon. pp. 195-226<br>2. Marte, N. (N.D.). *"Creative Pedagogies and Approaches in Teaching Values and Values Integration in the Various Disciplines".*<br>3. (May 2016). *"K to 12 Gabay pangkurikulum: EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO".* p. 113-114 | |
| **MGA KAGAMITAN** | 1. Laptop<br>2. Projector<br>3. VGA/HDMI<br>4. Whiteboard Marker/ Chalk | |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. White Board/ Chalk Board | |
| **GAWAIN** | ***Panuto:*** Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon na nagpapakita ng mga karaniwang pangyayari sa isang pangkat habang ginagampanan ang nakaatang na gawain sa kanila. Sa bawat sitwasyon, sagutin sa iyong kuwaderno ang sumusunod na tanong:<br><br>1. Paano mo haharapin ang sitwasyon?<br>2. Ano ang pangmadaliang solusyon?<br>3. Ano ang pangmatagalang solusyon?<br>4. Anu-ano ang mga katangian ng lider at tagasunod ang gusto mong mapaunlad sa iyong sarili?<br><br>*"Ang Masayahing si Jose."* Isang proyekto ang pinagpaplanuhan ng klase bilang pagtulong sa mga nasalanta ng bagyo. Aktibo si Jose sa paglalahad ng kaniyang mga mungkahi para sa gagawing proyekto at nagpapahayag siya na nais niyang siya ang maging lider ng pangkat. Nakagagaan ang presensya ni Jose sa pangkat dahil siya ay lubhang masayahin. Subalit, maraming pagkakataon na nakasama mo na si Jose sa mga pangkatang gawain at alam mo na hindi niya nagagampanan ang tungkulin niya bilang lider. Nalalaman mo rin na ang nais lamang niya ay magkaroon ng posisyon at ang makilala. Kung magawa man ng pangkat ang gawain, inaako ni Jose ang pagkilala at hindi binibigyan ng kaukulang pagkilala ang mga kasapi ng pangkat. <br><br>*"Ang Masipag na si Rita."* Masipag ang iyong kaklaseng si Rita. Madalas na siya ang nahahalal na lider ng pangkat dahil siya ang gumagawa ng lahat ng kailangang gawin ng pangkat. Hindi na siya nagbibigay ng gawain sa kaniyang mga kasama dahil mas madali niyang natatapos ang gawaing iniatang sa pangkat nila kung siyang mag-isa ang gagawa. Hindi ka sang-ayon sa ganitong paraan pero karamihan ng iyong mga kasama sa pangkat ay lubos na natutuwa.<br><br>*"Ang Mabait na si Freddie."* Itinalaga ng guro na maging lider ng pangkat si Freddie. Kapag nagpupulong, halos lahat ng kasapi ay hindi nakikinig, nagkukuwentuhan, at may ginagawang ibang bagay. Hindi ito pinapansin ni Freddie at hinahayaan na lang niya ang mga kaklase. Nag-aalaala ka dahil nasasayang ang panahon na walang natatapos ang inyong pangkat.<br><br>*"Ang Masunuring si Lito."* Masarap kasama sa pangkat si Lito. Tahimik, maaasahan, at masunurin siya. Subalit napapansin mo na laging inuutusan ng lider ninyo si Lito na sa palagay mo ay hindi na makatarungan, tulad ng pagpapabili ng meryenda, pagpapabuhat ng bag, pag-aayos at paglilinis nang ginamit na silid sa pagpupulong. Maraming magagandang ideya si Lito na maaaring makatulong sa gawain ng pangkat. Subalit, dahil lagi siyang inuuutusan at sumusunod, di siya nabibigyan ng pagkakataong maibahagi ang kaniyang naiisip at saloobin sa mga paksang tinatalakay ng pangkat. Nanghihinayang ka para kay Lito. | **Story Bird**<br><br>**Ang Masayahing si Jose**<br><br>**Link:**<br>https://storybird.com/books/ang-masayahing-si-jose/?token=tdkh4ddvw7<br><br>**Ang Masipag na si Rita**<br><br>**Link:**<br>https://storybird.com/books/ang-masipag-na-si-rita/?token=5e24pb4752<br><br>**Ang Mabait na si Freddie**<br><br>**Link:**<br>https://storybird.com/books/ang-mabait-na-si-freddie/?token=m7xu4krehz<br><br>**Ang Masunuring si Lito**<br><br>**Link:**<br>https://storybird.com/books/ang-masunuring-si-lito/?token=7d7xrb7m48 |
| **PAGSUSURI** | 1. Paano mo haharapin ang sitwasyon?<br>2. Ano ang pangmadaliang solusyon? | **Story Bird** |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ano ang pangmatagalang solusyon?<br>4. Anu-ano ang mga katangian ng lider at tagasunod ang gusto mong mapaunlad sa iyong sarili? | ***Indicated already at the end of each situation in the main activity.*** |
| **PAGPAPALALIM Ng** | **Ang Kahalagahan ng Pamumuno at ng Lider**<br><br>• Maaring maisulong ng isang lider ang katuparan ng isang layuning makatarungan o ang pagsira sa dignidad ng kaniyang kapwa, matupad lang ang mga layuning makasarili.<br>• Mahatma Gandhi- matagumpay na lider na nagbigay daan sa pagkakaisa ng mga mamamayan sa kabila ng pagkakaiba.<br><br>**Mga Katangian ng Mapanagutang Lider**<br><br>• May kakayahan ang lider na makita at makilala ng suliranin at lutasin ito.<br>• Nangunguna siya.<br>• Nangangailangan ng tibay at lakas ng loob sa paggawa ng mga pagpapasiya para sa ikabubuti ng pangkat.<br>• Nagiging instrumento ng pagbabago.<br><br>Ayon kay **John C. Maxwell,** dalubhasa sa mga paksang tungkol sa pamumuno, ang pamumuno o ang pagiging lider ay pagkakaroon ng iimpluwensiya. Kung mapapalawak ng isang tao ang kaniyang impluwensiya, mas magiging epektibo siyang lider.<br><br>**Ang Prinsipiyo ng Pamumuno**<br><br>Ang mga sumusunod na prinsipiyo ng pamumuno ang ipinatupad ng *The Royal Austrailian Navy: Leadership Ethic (2010)* upang ang lider ay maging mapanagutan.<br><br>1. Maging sapat ang kaalaman at kasanayan.<br>2. Kilalanin at ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng sarili.<br>3. Maging mabuting halimbawa.<br>4. Tanggapin at gampanan ang tungkulin.<br>5. Kilalanin ang mga tagasunod at kasapin ng pangkat, pangalagaan at ipaglaban ang kanilang kapakanan.<br>6. Ilahad ang layunin at ang direksiyong tatahakin sa pagkamit ng layunin.<br>7. Kilalanin at paunlarin anf potensyal ng bawat kasapi na maging lider.<br>8. Gumawa ng pagpapasiyang makatwiran at napapanahon.<br>9. Turuan ang mga tagasunod ng paggawa nang sama-sama at magbigay ng mga pagkakataon upang subukin ang kanilang kakayahan.<br>10. Magbigay ng nararapat na impormasyon sa mga | **Veengage**<br><br>***presentation**<br><br>**Link:**<br>https://infograph.venngage.com/ps/SrTqZ4SrEys/ang-mapanagutang-pamumuno-at-pagiging-tagasunod |

kasapi ng pangkat.

**Ang kahalagahan ng Pagiging Tagasunod**

- Hindi lahat ng magiging lider ay lider. Tagasunod ang marami nating lider.
- Kalakasan o kahinaan ng isang samahan ay nakasalalay sa mga kasapi o tagasunod nito.

**Mga Tungkulin ng Tagasunod o *Follower***

- Nagiging tagasunod ang isang indibidwal karaniwang dahil sa **pagkakaroon niya ng tiwala sa lider.** Kapag nawal ang tiwala ng tagasunod sa lider, dumarating ang panahon na nawawala ang kaniyang interes sa pagggawa, lumalaban siya o nagrerebelde, o tuluyang umaalis sa pangkat.
- Tungkulin ng tagasunod ang magsulong at gumawa ng aksyong tugma sa ipinatupad ng lider upang makamit ang layunin ng samahan. Gumagawa siya ng aktibong pagpapasiya upang makatulong sa pagsasakatuparan ng mga gawain ng pangkat.

**Mga Kasanayangn Dapat Linangin ng isang Ulirang Tagasunod**

- Kakayahan sa trabaho *(job skills)*
- Kakayahang mag-oraganisa *(organizational skills)*
- Mga pagpapahalaga *(values component)*

**Mga Paraan Dapat Linangin ng Mapanagutang Lider at Tagasunod upang Magtagumpay ang Pangkat**


1. Pakikpag-uganayan at pagpapahayag ng opinyon nang malinaw at may paggalang
2. Pakikinig at pag-unawa sa mga ideya ng ibang kasapi.
3. Pagiging handa sa mga pagtitipon at pakikilahok nang aktibo sa mga gawain.
4. Pagsuporta sa mga kasapi at gawain ng pangkat.
5. Pagbabahagi ng mga impormasyon, karanasan, at kaalaman sa ibang kasapi.
6. Kusang pagtulong sa ibang kasapi ng pangkat upang matapos ang gawain.
7. Pag-unawa at pagtugon sa mga pagbabagong kinahaharap ng pangkat.
8. Paglutas ng suliranin na kasama ang ibang kasapi
9. Pagkakaroon ng komitment.
10. Pagtupad sa iniatang na tungkulin at pagiging maaasahan.

- Lagi kang may pangangailangan na makipag-ugnayan sa iyong kapwa. Maaari ang tungkuling iyong gampanan ay

| | | |
|---|---|---|
| | lider o tagasunod. Anuman ito, alalahanin na ang pagkakaroon ng isang ugnayang may kapayapaan at pagkakaisa ay kailangan upang malinang ang iyong pagkatao tungo sa iyong ganap.<br>• Kung isasabuhay ay pagiging mapanagutang lider inaasahan na ikaw ay magalang sa lahat, mapaglingkod sa kapwa, makatarungan ang iyong pakikipagugnayan, tapat, at maunawain at mayroon kang kakayahang impluwqensiyahan ang kapwa upang makamit ang layunin ng pangkat at pangangailangan ng lipunan.<br>• Habang pinamumunua mo ang iba tungo sa pagbabago, nalilinang mo rin ang iyong sarili na maging mabuting tao. | |
| **PAGLALAPAT** | ***Pagganap***<br><br>**1.** Balikan ang Gawain 2, tanong bilang 4c at 4d; pagtaya sa antas ng pagganap mo sa iyong tungkulin at mga bagay na dapat mo pang gawin upang mapaunlad ang pagganap mo sa mga tungkuling kasalukuyang nakaatang sa'yo.<br>**2.** Magplano ng panayam/*interview* sa dalwang kasapi ng pangkat na iyong kinabibilangan. (Kung ikaw ay tagasunod, kapanayim an lider at isa pang kasapi; Kung ikaw an glider, kapanayim ang isa sa mga opisyal at isang kasapi).<br>**3.** Gumawa ng isang dokumentaryo na magpapakita ng mga paraan upang maging matagumpay ang pangkat sa pamamagitan ng pagtupad ng tungkulin ng lider at mga tagasunod. Gamiting gabay ang sumusunod na tanong:<br><br>• Ano ang layunin ng pangkat?<br>• Paano ka naging bahagi ng pangkat?<br>• Ano ang pangunahin mong tungkulin bilang isang lider? O tagasunod?<br>• Ano ang mga bagay na dapat gawin ng isang lider o tagasunod upang makamit ang layunin ng pangkat na kinabibilangan?<br>• Anong mga katangian ng isang lider o tagasunod ang sa palagay mo ay kailangan upang magtagumpay ang pangkat?<br>• Ano ang maipapayo mo sa ibang kasapi ng pangkat at sa ibang tao na nagnanais na maging mapanagutang lider o kasapi ng isang pangkat? | **Wondershare Filmora**<br><br>***Video Editor Software**<br><br>**Link:**<br>https://youtu.be/LV6kVrnIHsM |

<table>
<tr>
<td>PAGSUSULIT</td>
<td>I. May Pagpipilian<br><br>Panuto: Isulat sa kuwaderno ang titik ng iyong napiling sagot.<br><br>1. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng kahalagahan ng pamumuno?<br><br>a. Natutugunan ang pangangailangan ng bawat kasapi ng pangkat<br>b. Nagkakaroon ng direksyon ang pangkat tungo sa pagkamit ng layunin<br>c. Nakatatanggap ng parangal dahil sa pagkakaroon ng magagandang proyekto<br>d. Nagkakaroon ng kinatawan upang makilala ang pangkat na kinabibilangan<br><br>2. Ang mapanagutang pamumuno ay pagkakaroon ng _______________________.<br><br>a. Awtoridad na maipatupad ang mga gawain upang makamit ang layunin ng pangkat<br>b. Impluwensiya na magpapakilos sa mga pinamumunuan ang layunin<br>c. Karangalan pagkatapos na makamit ng pinamumunuan ang layunin ng pangkat<br>d. Posisyon na magbibigay ng kapangyarihan upang mapakilos ang pinamumunuan<br><br>3. Bilang tagasunod, ang isang tao ay masasabing umaayon, kung siya ay kinakikitaan ng __________________________.<br><br>a. mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi<br>b. mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi<br>c. mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas na pakikibahagi<br>d. mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi<br><br>4. Ano ang nililinang ng isang tagasunod kung paiiralin niya ang isang tamang konsensya na gagabay sa kaniya sa pagtupad ng kaniyang mga gawain at pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kapwa?<br><br>a. Kakayahain sa trabaho<br>b. Kakayahang mag-organisa<br>c. Mga pagpapahalaga<br>d. Pakikipagkapwa</td>
<td>ProProfs Quiz Maker<br><br>May Pagpipilian:<br><br>https://www.proprofs.com/quiz-school/story.php?title=mji2mzc3ng31qs<br><br>Pagpapaliwanag:<br><br>https://www.proprofs.com/quiz-school/story.php?title=mji2mzc4mqc1is</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Nagiging makabuluhan ang pagiging lider at tagasunod sa pamamagitan ng sumusunod, *maliban sa:*<br><br>a. pagtataguyod na makamit ang layunin ng pangkat<br>b. pagiging tapat, maunawain, at pagpapakita ng kakayahang impluwensyahan ang kapwa<br>c. pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip<br>d. Pagiging magalang at makatarungan sa pakikipag-ugnayan sa iba<br><br>***Mga Inaasahang Sagot:***<br><br>1. B<br>2. A<br>3. A<br>4. C<br>5. C | |
| | **II. Pagpapaliwanag**<br><br>***Panuto:*** Pagkatapos mong magkaroon ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto ng mapanagutang pamumuno at pagiging tagasunod, pag-isipan at sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:<br><br>1. Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng mapanagutang pamumuno at pagsunod sa isang pangkat? Ipaliwanag.<br>2. Paano malilinang at mapapatatag ang pagiging mapanagutang lider at tagasunod?<br><br>***Mga Inaasahang Sagot:***<br><br>1. Mahalaga ang pagkakaroon ng mapanagutang pamumuno at pagsunod sapagkat nagsusulong ito tungo sa katuparan ng isang layuning makatarungan at iniiwasan ang pagkasira sa dignidad ng kaniyang kapwa, matupad lang ang mga layuning makasarili.<br>2. Malilinang ang pagiging mapanagutang lider at tagasunod sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa | |
| **TAKDANG ARALIN** | ***Panuto:*** Batay sa iyong sagot sa ayahin ang Iyong Pag-unawa", ipahayag ang nahinuha mong Batayang konsepto sa pagiging mapanagutang pinuno at tagasunod sa pamamagitan ng isang graphic organizer. Gawin ito sa iyong kuwaderno. Gabay mo ang sagot sa mahalagang tanong na: Bakit mahalaga na maunawaan at gampanan ang aking tungkulin bilang lider at tagasunod? Ano ang maaari kong maibahagi sa lipunan bilang mapanagutang lider at tagasunod | **Canva**<br><br>***Graphic Organizer** |

| | | |
|---|---|---|
| |  | **Link:** https://www.canva.com/design/DADCY169D-4/nKhbCXe_9rwL7LkQYQR2Bg/view?utm_content=DADCY169D-4&utm_campaign=designshare&utm_medium=link&utm_source=sharebutton |